# Multicultural Charter ng South Australia

Government of South Australia

*Itinatakda ng South Australian Multicultural Act 2021* na isulong ang multiculturalismo at interculturalismo at nagtatakda ng South Australian Multicultural Charter (ang Charter). Ang Charter na ito ay magbibigay ng pananaw at gabay sa mga ahensya, organisasyon, institusyon, negosyo at komunidad ng South Australia bilang pundasyon para sa lahat ng pagpapaunlad ng patakaran sa South Australia at ang disenyo at paghahatid ng kanilang mga serbisyo.

**Kinikilala ng Multicultural Charter ng South Australia**

- Ang mga Aboriginal na sambayanan bilang mga Tradisyunal na May-ari at mga naninirahan sa lupain at tubig sa South Australia na patuloy na nagpapanatili at nagpapaunlad ng kanilang mga paniniwala sa kultura at pamana bilang ang pinakamatagal na nabubuhay na magkakaiba-iba (diverse) na kultura, na may makabuluhang makasaysayan at patuloy na tungkulin bilang mga First Nations na sambayanan sa South Australia.
- Ang mga nagawa at hamon ng mga henerasyong nauna sa atin at sa kanila, kasama ng mga bago at umuusbong na mga komunidad, ay tumutulong sa paghubog ng pagkakakilanlan ng South Australia.

**Ang Charter na ito ay para sa lahat ng mga taga-South Australia at naglalayong:**

- ikonekta ang ating komunidad sa pamamagitan ng pagkilala sa pagkakaiba-iba (diversity) ng kultura, lingguwistika, lahi at relihiyon.
- lumikha ng isang kapaligiran kung saan ang aktibong pagpapahayag, pagpapalitan ng kaalaman, ideya at pananaw upang ang lahat ng mga taga-South Australia ay magkaroon ng mas malalim na pag-unawa at paggalang sa kayamanan at halaga ng ating pagkakaiba-iba.
- magsilbing pundasyon para sa pagbuo ng mga patakarang multikultural at paghahatid ng mga serbisyo na makikinabang sa ating mga komunidad at hahantong sa pagsulong ng ating Estado.
- hikayatin ang inklusibo at may pananagutan na mga lugar ng trabaho at komunidad para sa lahat ng mga taga-South Australia.

## Mga Prinsipyo ng Charter

Itinatakda ng Multicultural Charter ng South Australia ang mga prinsipyo kung saan ang lahat ng mga taga-South Australia ay:

1. Kilalanin, igalang at pahalagahan ang pagkakaiba-iba ng kultura, lingguwistika, lahi at relihiyon at ang kontribusyon na nagawa nito, at patuloy na ginagawa, sa ating Estado.
2. Hinihikayat na makisali sa magkatumbas na pagpapalitan ng kaalaman at pag-unawa sa ating pagkakaiba-iba sa kultura, lingguwistika, lahi at relihiyon.
3. Nagagawang mamuhay, magtrabaho at mag-aral upang umunlad sa lahat ng aspeto ng buhay sa isang magkakaugnay na lipunan.
4. May karapatan sa paggalang sa isa't isa, pagkakaunawaan, pagiging patas, kaligtasan at kalayaan mula sa diskriminasyon batay sa kanilang kultura, lingguwistika, lahi at relihiyon na pinanggalingan.
5. Mapangalagaan, maipahayag, isabuhay at ipagdiwang ang kanilang pagkakaiba-iba sa kultura, wika at relihiyon na naaayon sa batas.
6. Magkaroon ng pantay na pag-access sa mga pagkakataon at serbisyo na sumusuporta sa pakikilahok sa pang-edukasyon, panlipunan, pangkultura, pang-ekonomiya at pampulitika na pamumuhay ng ating Estado.

Honourable Peter Malinauskas MP
Premier of South Australia

Honourable Zoe Bettison MP
Minister for Multicultural Affairs

Damien Walker
Chief Executive
Department of the Premier and Cabinet

Ang South Australian Multicultural Commission ay kinikilala para sa kontribusyon nito sa pagbuo ng Multicultural Charter ng South Australia. Filipino / Tagalog